



Katutubo

S. Lily Mendoza

Associate Professor, Oakland University, MI, USA

Ano Ito?

Ang salitang “katutubo” ay madalas na ginagamit kapalit ng mga pariralang “Pang-Apat na Mundo,” “panlipi,” at “taal.” Makikilala ang mga katutubo sa pamamagitan ng mga ilang natatanging pananda: madalas nakatira sa relatibong maliit na mga komunidad; alam pa kung paano mamuhay sa lupa labas ng modernong industriyal na imprastraktura; may sariling wika na kumakatawan sa napakaraming ugnayan sa lupang ninuno, ekolohiya, mitolohiya, at mga kuwentong bumubuo sa isang masalimuot na kosmolohiya; napananatili ang mga natatanging tradisyong kultural; at kumikilala sa kanilang sarili bilang naiiba sa nakararami. Sa pangkaraniwang diskurso, ang salitang katutubo ay kadalasang may estereotipikal na pakahulugan bilang “primitibo,” “paurong,” o di kaya’y “napag-iwanan ng panahon.”

Kamakailan lamang ang mga taong kumikilala sa kanilang sarili bilang katutubo ay nagsimulang gamitin ang kataga sa pakahulugan nito bilang mga liping “di nalupig” o “di nasakop,” ibig sabihin, ipinagmamalaki ang katotohanang napanatili nila ang kanilang mga sarili bilang sila sa kabila ng walang humpay na pagtatangkang baguhin at saklawin sila ng mga makabagong pamamaraan ng pamumuhay. Sa diskursong pulitikal patungkol sa mga karapatan, maraming mga katutubong mananaliksik, manggagawang kultural, at mga legal na tagapagtaguyod ang patuloy na humahamon sa mga patakarang umiiral patungkol sa kung ano ba ang dapat isaalang-alang na lehitimong kaalaman, kung sino ba ang dapat magtakda ng mga

kalakaran ng pakikipag-ugnayan sa (di katutubong) iba, at kung sino ba dapat ang may karapatang magpasiya sa mga magkakasalungat na paghahabol, lalo na yung may kinalaman sa pag-aari at pangangasiwa ng mga likas na yaman at mga lupain

Sino ang gumagamit ng konsepto?

Maraming iskolar sa mga disiplina ng sikolohiya, antropolohiya, pampanitikan at postkolonyal na pag-aaral, pati na ng ekonomika, ang ngayo’y bumabaling tungo sa katutubong kaalaman. Ang mga internasyonal na entidad, tulad ng Mga Nagkakaisang Bansa, ay itinataguyod ang pagkilala sa karapatan ng mga katutubo sa pamamagitan ng mga mekanismong tulad ng Working Group on Indigenous populasyon (WGIP), Permanent Forum on Indigenous Issues (PFII), at ang Deklarasyon sa Karapatan ng mga Katutubo.

Relasyon sa Dayalogong Interkultural?

Ang pakay ng dayalogong interkultural ay ang pagtutulay ng mga hidwaan at paghihiwalay dulot ng pagkakaiba-iba. Patungkol rito, wala nang mas mahalaga pang tulayin sa ating mundo ngayon kundi ang puwang sa pagitan ng makabagong mundong industriyal at ng mundo ng mga katutubong kultura. Ang pag-unawa sa diskurso ng modernismo na madalas ay nakapapatay ng lahi sa buong mundo dahil sa sapilitang pananakop nito sa



mga katutubo ay maaaring magsinag ng panibagong liwanag sa mga karaniwang haka-haka patungkol sa kultura.

Anong gawain ang kinakailangan pa?

Ang katutubong pag-aaral bilang isang kritikal na lente ay kinakailangan pang impluwensyahan sa isang makabuluhang pamamaraan ang pag-aaral ng dayalogong interkultural. Kinakailangan, halimbawa, na isaalang-alang ang mga malawakang pagbabagong naganap sa pagbaling mula sa pangangaso at pag-aani tungo sa agrikultura at mula sa manu-manong paggawa tungo sa mekanisadong pamumuhay sa panahon ng Rebolusyong Industriyal at ang epekto ng mga pagbabagong ito sa pagtingin at pag-unawa sa kahulugan ng pagiging tao at iba pang pagpapahalaga (hal. , ang pag-imbento sa mito ng walanghanggang pagsulong, ng pagkamakasarily, at ng pribadong pagmamay-ari, gayon na rin ng mga iba't ibang herarkiya, pati na ang paghahati at paghihiwalay ng isip mula sa katawan). Ang ganitong malawakang pangkasaysayan na pag-aaral ang maaaring makatulong sa pagsalba sa karamihan ng pagdadalumat sa identidad mula sa bitag ng isang ipinapalagay na walang kundisyon na pagsulong na siyang nagpapanatili sa paniniwalang ang modernismo ay mas nakaaangat, hindi mapipigilan, at normatibo sa kalakaran ng buong mundo.

Mga Tulong Sanggunian

Clifford, J. (2013). *Returns: Becoming indigenous in the twenty-first century*. Cambridge, MA: Harvard University Press.

Dussel, E. (1995). *The invention of the Americas: Eclipse of "the other" and the myth of modernity*. New York: Continuum.

Mendoza, S. L. (2013). Savage representations in the discourse of modernity: Liberal ideology and the impossibility of nativist longing. *Decolonization, Indigenization, Education, and Society*. 2(1), 1-19.